1

# Mathematics 1

## Microlearning Module

### QUARTER 4 – Module 12

***Solving Problems Involving Time***




REGION XII - DIVISION OF SULTAN KUDARAT

GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

**Mathematics 1**
**Microlearning Module (MLM)**
**Quarter 4 – Module 12: Solving Problems Involving Time**
**First Edition, 2024**

Republic Act 8293, Section 176 states that “No copyright shall subsist in any work of the Government of the Philippines.” However, obtaining prior approval from the government agency or office where the work originated is required for the commercial use of such work. This agency or office may, among other things, impose as a condition the payment of royalties.

Materials borrowed for this module (e.g., songs, stories, poems, images, brand names, trademarks, etc.) are the property of their respective copyright owners. The publisher and authors do not assert ownership or representation over them.

**Published by the Department of Education- RO XII, Division of Sultan Kudarat**

**Development Team**

Writer : Zalvie G. Marquez
Editors : Marybeth F. Palma, Albert John P. Aquino, Elsie S. Yson, Hazel D. Olegario, Judy Ann C. Barretto
Evaluators : Marybeth F. Palma
Roger B. Famulag
Illustrator : Zalvie G. Marquez
Cover Art Designer: Jann Mark P. Oriel
Management Team: Crispin A. Soliven Jr., CESE – Schools Division Superintendent
Meilrose B. Peralta, EdD – Asst. Schools Division Superintendent
Ismael M. Ambalgan – Chief, CID
Sheryl L. Osano – EPS, LRMS
Rodolfo B. Bermudo Jr. EdD– EPS, Mathematics

**Printed in the Philippines by**

**Department of Education – Region XII, Division of Sultan Kudarat**

Office Address: Kenram, Isulan, Sultan Kudarat
Telefax: 064-471-1007
E-mail Address: depedsk.r12@deped.gov.ph

**MICROLEARNING MODULE**

Pangalan: ____________________Baitang at Pangkat: _________ Iskor: _____
Asignatura: ____________________Kuwarter: _______MLM Bilang. _________
Guro: ______________________________________________________________
Kasanayang Pagkatuto: Solve problems involving time (hour, half hour, quarter hour, days in a week, and months in a year)

---

# A. Ating Balikan!

## Gawain 1

**Panuto:** Isulat sa patlang ang angkop na buwan at araw kung kailan ipinagdiriwang ang mga okasyon.

1. Bagong Taon ____________________
2. Araw ng mga Puso ____________________
3. Araw ng Kalayaan ____________________
4. Araw ng mga Patay ____________________
5. Araw ng Kagitingan ____________________

# B. Ano'ng Bago?

Panuto: Unawain at sagutin ang mga sumusunod na *word problems*. Isulat sa patlang ang tamang sagot.

1. Alas singko y media (5:30) ng hapon ay sumasagot ng kanyang takdang-aralin si Carlo. Natapos siya pagkalipas ng dalawang oras. Anong oras natapos sa pagsagot si Carlo? _________________________
2. Ngayon ay araw ng lunes. Tatlong araw na lang ang hihintayin ni Mark sa pagdating ng kanyang tatay. Anong araw darating ang tatay ni Mark?

________________________

3. Nagsimulang magtrabaho ang kuya ni Lena sa labas ng bansa noong buwan ng Marso. Uuwi ito matapos ang siyam (9) na buwang kontrata. Anong buwan uuwi ang kuya ni Lena? ________________________

## C. Ano Ito?

Ang ***POLYA's Step Process*** ay isang istratihiya na ginagamit sa paglutas ng suliranin. Ito ay may apat (4) na hakbang:


1. Unawain *(Understand)*- Ano ang tinatanong sa suliranin? Ano-ang mga datos ang inilahad?
2. Planuhin *(Plan)* - Ano ang istratehiyang gagamitin?
3. Lutasin *(Solve)*- Ipakita kung paano nilutas ang suliranin. Ano ang tamang sagot?
4. Balikang muli *(Check)* - Itsek ang sagot.

**Paglutas ng *Word Problem* ng Oras, Kalahating-Oras at *Quarter Hour***

| |
|---|
| Pumunta si nanay sa palengke upang mamili ng prutas at gulay. Tumagal ang kanyang pamamalengke nang dalawa at kalahating oras. Anong oras siya nakauwi kung pumunta siya ng palengke ng 5:00 ng umaga? |

1. Gamit ang *analog clock* kunin ang ***elapsed time*** o ang haba ng oras o kung gaano katagal ang lumipas na oras sa isang pangyayari.







Ganap na alas siyete y media o 7:30 nang umaga nang makauwi si Nanay.

2. Paggamit ng Istratihiya

a. Unawain *(Understand)*

Ano ang tinatanong sa suliranin?

**Sagot:** Anong oras siya nakauwi kung pumunta siya ng palengke ng ika 5:00 ng umaga?

Ano-anong mga datos ang inilahad?

**Sagot:** dalawa at kalahating oras, Ika 5:00 ng umaga

b. Planuhin *(Plan)*. Anong *mathematical operation* ang gagamitin sa paglutas ng suliranin?
Sagot: Pagdaragdag o *Addition*

Ano ang *number sentence*?

Sagot: 5:30 + 2:30 = N

c. Lutasin *(Solve)*

| | | |
|---|---|---|
| | 5:00 | – nagsimulang mamalengke |
| + | 2:30 | – oras na itinagal sa pamamalengke |
| | 7:30 | – oras na nakauwi si Nanay |

**Sagot:** Ganap na alas siyete y media o 7:30 ng umaga nang makauwi si Nanay.

d. Balikang muli *(Check)*

7:30 – oras na nakauwi si Nanay
\- 2:30 – oras na itinagal sa pamamalengke
5:30 – nagsimulang mamalengke

**Paglutas ng *Word Problem* ng Araw sa Isang Linggo**

Sa ika-31 ng Mayo, araw ng biyernes, magtatapos na ang pasukan. Anong araw ang ika-14 ng Mayo?

1. Gamit ang Kalendaryo

**5 Mayo 2024**

| Linggo | Lunes | Martes | Miyerkules | Huwebes | Biyernes | Sabado |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | 1 | 2 | 3 | 4 |
| 5 | 6 | 7 | 8 | 9 | 10 | 11 |
| 12 | 13 | 14 | 15 | 16 | 17 | 18 |
| 19 | 20 | 21 | 22 | 23 | 24 | 25 |
| 26 | 27 | 28 | 29 | 30 | 31 | |

2. Paggamit ng Istratehiya

a. Unawain (*Understand)*

Ano ang tinatanong sa suliranin?

**Sagot:** Anong araw ang ika-14 ng Mayo?

Ano-anong mga datos ang inilahad?

**Sagot:** ikaw-14 ng Mayo, ika-31 ng Mayo

b. Planuhin *(Plan)*. Anong *mathematical operation* ang gagamitin sa paglutas ng suliranin?

**Sagot:** Pagbabawas o *Subtraction*

Ano ang *number sentence*?

**Sagot:** 31 - 14 = N

c. Lutasin *(Solve)*

```
   211
    31
-   14
------
    17
```

17 ang bilang ng araw na bibilangin pabalik mula Huwebes (dahil Biyernes ang ika-31 ng Mayo) upang makuha ang sagot.

| Linggo | Lunes | Martes | Miyerkules | Huwebes | Biyernes | Sabado |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | 17 | 16 | 15 | 14 | 13 |
| 12 | 11 | 10 | 9 | 8 | 7 | 6 |
| 5 | 4 | 3 | 2 | 1 | | |

Sagot: Ang ika-14 ng Mayo ay Martes.

d. Balikang muli *(Check)*. Maaaring itsek sa kalendaryo ang tamang sagot.

## Paglutas ng *Word Problem* ng Buwan sa Isang Taon

Ang kaarawan ni Pedro ay 3 buwan bago sumapit ang araw ng pasko. Anong buwan ang kanyang kaarawan?

1. Gamit ang kalendaryo, hanapin ang mga buwan na binanggit.
2. Paggamit ng Istratehiya
   a. Unawain (*Understand)*
      Ano ang tinatanong sa suliranin?
      **Sagot:** Anong buwan ang kanyang kaarawan?
      Ano-anong mga datos ang inilahad?

**Sagot:** 3 buwan bago sumapit ang araw ng pasko

b. Planuhin *(Plan)*. Maaaring ilahad ang mga buwan at alamin ang ika-3 buwan bago sumapit ang pasko.

c. Lutasin *(Solve)*

| 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 |
|---|---|---|---|---|---|
| Enero | Pebrero | Marso | Abril | Mayo | Hunyo |
| 7 | 8 | 9 | 10 | 11 | 12 |
| Hulyo | Agosto | Setyembre | Oktubre | Nobyembre | Disyembre |

**Sagot:** Ang kaarawan ni Pedro ay buwan ng Setyembre.

d. Balikang muli *(Check)*
Maaaring awiting muli ang mga buwan sa isang taon.

## D. Ating Subukin!

**Panuto:** Gamit ang *POLYA's Step Process,* Isulat sa kwaderno ang sagot sa mga tanong.

> Ang kaarawan ni Bela ay sa huling Huwebes ng Mayo. Nais ng kanyang mga magulang na ipagdiwang nang mas maaga ng isang linggo ang kanyang kaarawan upang makasama ang kanilang mga kamag-anak mula sa malalayong lugar. Gamit ang kalendaryo, anong petsa gaganapin ang kaarawan ni Bela?

1. Unawain
   Ano ang tinatanong sa suliranin?
   Ano-anong mga datos ang inilahad?
2. Planuhin
   Anong istratehiya ang dapat gamitin?
3. Lutasin
   Ano ang tamang sagot?
4. Balikang muli

## E. Tayahin Natin!

**Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang sitwasyon. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

| |
|---|
| Nagsisimula ang klase alas otso ng umaga at matatapos ito makalipas ang tatlong (3) oras at tatlumpung minuto. |

1. Anong oras matatapos ang klase tuwing umaga?
   A. 10:30 B.11:30 C. 12:30

| |
|---|
| Dumalaw ang pamilya ni Juan sa kanyang lolo't lola sa probinsiya noong araw ng Miyerkules dahil walang pasok. Araw ng linggo ng sila ay makauwi sa kanilang bahay. |

2. Ilang araw ang lumipas bago nakabalik ang pamilya ni Juan sa kanilang bahay?
   A. tatlo B. apat C. lima

| |
|---|
| Buwan pa lamang ng Abril ay nagbabalak nang mamasyal ang pamilya ni Alex sa mga *tourist spots* na makikita sa Sultan Kudarat mula ika-17 hanggang ika-21 ng Hunyo. |

3. Kung hindi sila umuwi at nais pa nilang mamalagi ng limang (5) araw, anong araw sila babalik ng kanilang bahay?
   A. Miyerkules  B. Huwebes  C. Biyernes

4. Sa labindalawang (12) buwan sa isa taong, pang-ilang buwan ang Hunyo?
   A. ika-6  B. ika-7  C. ika-8

5. Ilang araw ang itatagal ng kanilang pamamasyal?
   A. apat  B. lima  C. anim

## Challenge

**Directions:** Read the following problems involving time. Write the correct answer on the blank.

1. John's sister cooked food for breakfast at 5:30. After 45 minutes she set the table. What time did the family eat their breakfast? ____________

2. Teacher Wenna went to a seminar for 3 days. She left her house last Friday. On what day will she come home? ____________

3. Jacob's birthday will be on August 5. After 3 weeks, will be Sam's birthday. What was the date of Sam's birthday? ____________

## F. Mga Sanggunian


DepEd. Mathematics MATATAG Curriculum Guide 2023

Lastimosa, Chellyn Mae D. and Joseph F. Dagupan. *Mathematics – Unang Baitang Self - Learning Module (SLM) Ika-apat na Markahan – Modyul 3: Paglutas ng Word Problem na may Kinalaman sa Oras! Unang Edisyon, 2021*. Pilipinas Department of Education – SOCCSKSARGEN Region.

Math is Fun, "Math1 Q4 Paglutas ng Suliranin sa Oras", May 17, 2021, 12.02, https://www.youtube.com/watch?v=9--X7vN61Qc

Uy, Arlene Abayari, "Math 1 Week4 Quarter 4 Paglutas ng Suliranin Kasama ang Oras, Araw at Buwan sa Usang Taon", June 11, 2021, 51.14, https://www.youtube.com/watch?v=BDtGHzFMc2k

# Answers Key

**Mathematics 1**
**Quarter 4 – Module 12: Solving Problems Involving Time**

**Ating Balikan!**
Gawain 1
1. 9:00
2. 11:15
3. 5:45

Gawain 2
1. Enero 1
2. Pebrero 14
3. Hunyo 12
4. Nobyembre 1
5. April 9

**Ating Subukin!**
1.a. Anong petsa gaganapin ang kaarawan ni Bela?
b. Ang kaarawan ni Bela ay huling Huwebes ng Mayo
2. Pagbabawas o Subtraction
3. May 30 – huling huwebes ng Mayo bawasan ng 7 araw (katumbas ng isang linggo) Sagot: May 23
4. Itsek sa kalendaryo

**Tayahin Natin!**
1. B. 11:30
2. B. apat
3. C. Biyernes
4. A. ika-6
5. A. apat

**Challenge**
1. 6:15
2. Monday
3. August 26

**DISCLAIMER**

This Microlearning Module has been developed by DepEd - Division of Sultan Kudarat for educational purposes only. It is designed to supplement classroom instruction and should not be used as the sole source of information. Teachers are encouraged to exercise their professional discretion and tailor the content to suit their students' individual needs.

This resource is the exclusive property of DepEd-Division of Sultan Kudarat and is accessible to enrolled learners solely for academic purposes, at no cost. Any reproduction or conversion of this material in any form is strictly prohibited.

**REGION XII - DIVISION OF SULTAN KUDARAT**